# PAGSIPAT SA MGA NAGAWANG PANANALIKSIK SA LARANG NG WIKA NOONG 1996-2007 TUNGO SA PAGBUO NG ISANG AGENDA SA PANANALIKSIK

JOVY M. PEREGRINO

### *Rasyonal*

MAHALAGA ANG PAGPOPROGRAMA sa mga gagawing pananaliksik ng Kolehiyo ng Arte at Literatura (KAL) upang makatugon ito sa hamon ng akademikong buhay. Ang pagpoprogramang ito ay mahahango sa mga pinagsasama-samang mga nabubuong agenda sa pananaliksik ng bawat aktibong departamento ng kolehiyo.

Bilang isang aktibong departamento ng KAL, ang Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) ay naniniwala sa mahalagang proyekto ng CAL-CASAF Centennial Research Grant sa pagbuo ng isang research agendang pangkolehiyo. Bahagi ng DFPP ang pag-aaral at pananaliksik sa larang ng wikang Filipino. Sa pagsipat sa mga nagawang pananaliksik sa larang ng wika mula 1996-2007 maaaring mahango at mabuo ang isang agenda sa pananaliksik pangwika. Mahalagang makita ang tinutungo, tinalakay, binuo, at mga naging produkto ng pananaliksik na ito upang maging giya sa susunod pang mga dapat gawing pananaliksik sa larang ng wika.

Malawak ang sinasakop ng pag-aaral at pananaliksik sa wikang Filipino na nakahabi sa kompleksidad ng kultura at lipunang Filipino. Tinitingnan ng DFPP ang pag-aaral sa wikang Filipino bilang disiplinang akademiko na maaring paghanguan ng kaalaman at karunungan. Dahil dito, nararapat na magkaroon ng isang malinaw na giya ang mga programang binubuo para sa pananaliksik pangwika. Mula dito, maaring mabuo ang isang komprehensibong agenda sa pananaliksik pangwika.

## *Layunin*

Pangkalahatang layunin ng papel na ito ang makabuo ng isang komprehensibong agenda sa pananaliksik pangwika.

Mga espesipikong layunin:

1. Matasa ang direksiyon ng mga pananaliksik pangwika na ginawa ng mga guro at mga gradwadong estudyante ng DFPP sa loob ng sampung taon;
2. Makapagmungkahi ng direksiyon ng pananaliksik pangwika na nakabase at nakaangkla sa bisyon-misyon ng KAL at DFPP;
3. Malaman ang mga espesipikong dominyo ng pananaliksik na maaring pagtuunan ng pag-aaral ng mga guro at estudyante;
4. Makapagmungkahi ng mga kongkretong estratehiya upang maging suporta sa mga gawaing pananaliksik ng KAL at DFPP.

## *Metodolohiya*

Kinalap mula sa Graduate Studies Office (GSO) ang mga M.A. thesis at Ph.D. dissertation ng mga guro at gradwadong estudyante ng KAL na may kinalaman sa mga pag-aaral sa wikang Filipino mula Akademikong Taon 1996-2007. Tinipon ang mga listahan, kopya, at abstrak ng mga ginawang pananaliksik ng mga guro sa DFPP hinggil sa larangan ng wika sa pamamagitan ng mga nakalimbag nilang pananaliksik at mga hindi nakalimbag na manuskrito. Sinangguni ang mga curriculum vitae na naglalaman ng listahan ng mga pananaliksik ng mga guro sa DFPP.

Binasa at sinuri ang mga titulo, abstrak, at mga bahagi ng thesis at dissertation upang makita ang tuon, layon, pagdulog o lapit, at ambag ng pananaliksik sa larangan ng wika.

Sa pamamagitan ng pagkakategorisa ng mga pananaliksik ayon sa espesipikong dominyo o saklaw ng wika, makikita ang tinutungo ng mga ginawang pag-aaral. Mula sa mga pahayag sa kani-kanilang mga abstrak maaaring gumawa ng listahan ng mga ambag at pagdulog ng pagnanaliksik. Sa pagkakategorisa ng mga pananaliksik ayon sa kinabibilangan nitong dominyo, masasalamin ang dami o hindi kaya'y kadahupan ng mga kailangan pang isagawang pananaliksik para sa partikular na dominyo o saklaw ng mga pag-aaral at pananaliksik sa wika. Sinangguni rin ang mahahalagang dokumento ng DFPP upang magbigay-linaw sa historikal na perspektiba ng pananaliksik pangwika ng departamento.

## *I. Bisyon-Misyon ng Kolehiyo ng Arte at Literatura at ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas*

Malinaw ang pahayag ng KAL sa bisyon-misyon nito na makamit ang pinakamataas na pamantayan ng akademikong integridad at kahusayan sa sining at kalinangan. Isinusulong ng KAL ang malikhain, mapanuri, at mapagbagong kalinangan na may oryentasyong makabayan at makatao. Itinatampok din nito ang paglilingkod na nauukol sa mithiing Filipino sa pamamagitan ng pagtuturo, saliksik/malikhaing gawain, at ugnayang bayan. Sa bisyon-misyong ito ng KAL masasalamin ang halaga at pangangailangang maisakatuparan ng kolehiyo ang pangunguna sa pananaliksik hinggil sa sining at kalinangan.

Mula sa ganitong pagtanaw at adhikain ng KAL naipapahayag ng DFPP ang bisyon-misyon at layunin nitong maitampok ang paggamit ng wikang Filipino bilang pangunahing wika sa lahat ng antas at larangan sa Filipinas at kinikilalang isang pangunahing wikang pandaigdig. Magaganap ang bisyong ito sa pamamagitan ng puspusang pananaliksik hinggil sa wika bilang disiplina at gamit na wikang pang-akademiko at pambayan.

Umaayon sa bisyon ng KAL ang misyon ng DFPP na magtaguyod ng isang matatag na makinarya o estruktura na magpapahusay sa pagtuturo at titiyak sa paglaganap ng Filipino at mga wika sa Filipinas, panitikan ng Filipinas, malikhaing pagsulat, araling Filipino, at araling Rizal sa antas pambansa at internasyonal. Pangunahing misyon din ng DFPP ang magsagawa ng mga pananaliksik at lumikha ng mga akda na tutulong sa patuloy na pagpapaunlad ng Filipino at mga wika sa Filipinas, panitikan ng Filipinas, araling Filipino, malikhaing pagsulat, at araling Rizal.

Mula sa mga pananaliksik na magagawa ng DFPP ay misyon din nitong regular na mailathala ang mga napapanahong publikasyon sa Filipino at mga wika sa Filipinas, sa panitikan ng Filipinas, sa araling Rizal, sa araling Filipino, at sa malikhaing pagsulat. Nangunguna ang DFPP sa paglulunsad ng mga programa o gawaing kaugnay ng mga larang sa wikang Filipino at mga wika sa Filipinas, panitikan ng Filipinas, malikhaing pagsulat, araling Filipino at araling Rizal. Bukod sa paglulunsad ng mga programa, aktibo rin ang DFPP sa pakikilahok sa pagpapatatag ng kilusan sa wikang Filipino at mga wika sa Filipinas, panitikan ng Filipinas, araling Filipino, araling Rizal, at malikhaing pagsulat.

Malinaw ang misyon ng DFPP hinggil sa papel nito sa pagtuturo at pananaliksik. Mula sa layunin nitong mapaunlad ang wikang Pambansa at mga wika sa Filipinas sa pamamagitan ng mga pananaliksik sa panitikan at iba't ibang etnolingguwistikong grupo ay nakakapag-ambag ito sa pagbuo ng pambansang panitikan at kultura. Naipapalaganap ang panitikang Filipino sa pamamagitan ng pag-aaral, pananaliksik, at pagsulat ng mga malikhaing akda sa Filipino at mga wika sa Filipinas.

Malinaw din sa DFPP, bilang nangungunang departamento sa usapin ng wikang Filipino, ang mga estratehiya nito upang maisakatuparan ang bisyon-misyon. Bukod sa parerebisa ng mga kurikulum o mga kurso sa Filipino at mga wika sa Filipinas, panitikan ng Filipinas, malikhaing pagsulat, araling Filipino at araling Rizal upang tumugon sa pagbabago ng lipunan, bahagi ng estratehiya ng

DFPP ang pagbuo ng isang komprehensibong agenda sa pananaliksik tungo sa paggamit ng Filipino at mga wika sa Filipinas. Kasama sa estratehiya ng DFPP ang agarang paglalathala ng mga pananaliksik upang agaran itong maipakalat, masuri, at masundan ng iba pang pananaliksik at higit sa lahat ay makatulong sa pagtuturo ng larangan ng wika. Ang mga pananaliksik na ito ay itinatampok bilang mahahalaga at makabuluhang mga papel na binabasa at tinatalakay sa mga pambansang kumperensiya, workshop, at kongreso hinggil sa larang ng wika. Malaki ang naitutulong ng network ng DFPP upang mapalawak ang pagtataguyod at pananaliksik sa wika.

Nagsisilbing giya ang malinaw na pahayag ng KAL at DFPP sa mga bisyon, misyon, layunin, at estratehiya nito para sa buong kolehiyo at DFPP upang maging angkop, at magkaroon ng direksiyon, ang mga isinasagawang pananaliksik ng kolehiyo at DFPP na nagiging pundasyon ng mga kaalamang itinuturo para sa pagkamit ng akademikong kahusayan.

## *II. Ang Larang ng Wika ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas*

Isa sa limang larang ng DFPP ang wika. Kabilang sa limang ito ang larang ng panitikan, malikhaing pagsulat, araling Filipino, at araling Rizal. Pinagtuunan ng papel na ito ang larang ng wika at mga saklaw nito na pinagmumulan ng mga pananaliksik na nabuo at binubuo para sa pagpapayabong ng wikang Filipino bilang larang.

Sa pagkakatatag ng DFPP noong 1966 bilang yunit ng unibersidad na tutugon at mangangasiwa sa pagpapalaganap, pagpapaunlad, pagtuturo, at pag-aaral sa wikang Filipino at sa mga wika ng Filipinas, hindi na matatawaran ang malayong narating at naiaambag ng DFPP sa pagpapaunlad ng wikang Filipino. Pinangunahan nito ang pagbabago sa sosyolingguwistikong batayan ng wikang pambansa na tinatawag na Filipino. Kasabay nito ang ginawang pagbabago ng pangalan ng departamento at ginawang Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas at maging ng mga kurso nito mula Pilipino tungong Filipino simula 1974. Ang

departamento rin ang unang nagturo ng modernong alpabeto at ortograpiya ng Filipino. Sa constitutional convention (concon) ng 1973 naipakilala ng mga guro ng DFPP ang Filipino bilang wikang pambansang multilingguwal ang basehan. Ganito rin ang ginawa ng DFPP sa mga komisyoner ng concon ng 1986 kung kaya't nakasaad sa konstitusyon na ang wikang Filipino ang dapat na maging wikang pambansa ng Filipinas at itadhana ito bilang opisyal na wika ng pagtuturo. Ang mga guro din ng DFPP ang nagmungkahi at nag-impluwensiya sa pagtatatag ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa Filipinas at Sentro ng Wikang Filipino para sa UP (Ramos 1998, 1).

May tatlong bahagi ang pambansang patakaran hinggil sa wikang pambansa sa Konstitusyong 1987. Una, kinikilala ng Konstitusyon na Filipino ang wikang pambansa ng Filipinas ayon sa Artikulo 14 seksiyon 6—ang pambansang wika ng Filipinas ay Filipino. Ikalawa, itinatadhana nito ang wikang Filipino bilang opisyal na wika sa komunikasyon at pagtuturo ayon artikulo 14 seksiyon 7—para sa komunikasyon at pagtuturo, ang mga opisyal na wika sa Filipinas ay Filipino, hangga't walang itinatadhanan ang batas, Ingles. Ikatlo, inaatasan nito ang gobyerno na gumawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad nito—habang ito'y nabubuo, patuloy itong pauunlarin at payayamanin batay sa mga umiiral na wika sa Filipinas at iba pang wika; alinsunod sa mga probisyon ng batas at kung mamarapatin ng konggreso, gagawa ng hakbang ang gobyerno upang simulan at itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang wika ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistema ng edukasyon (Sentro ng Wikang Filipino 1996, 91).

Sa pagdedeklara sa wikang Filipino bilang wikang pambansa, wikang panturo, at opisyal na wika, nagbalangkas ang DFPP ng akademiko at kurikular na programa at mga kurso kaugnay ng pagpapalaganap, pag-aaral, at pagtuturo ng Filipino. Ang kurikulum at mga kurso nito ang nagpasimula sa disiplinang Filipino bilang akademikong sangay ng pag-aaral para sa wikang Filipino na dati ay simpleng mga kurso sa iba't ibang anyo ng panitikan, balarila, at sulating kasama ng ilang elektiba (Ramos 1998, 1).

Sa pagsisikap ng DFPP, napalawak ang pag-aaral sa wikang Filipino mula sa pagkatuto at pagtuturo nito bilang wika tungo sa pag-aaral dito. Ang mahalaga sa DFPP kaugnay ng programa sa wika ay ang pagpapaunlad ng disiplinang Filipino sa pamamagitan ng pagtuturo, pananalisksik, iskolarsip, at mga serbisyong pangwika. Nilinaw din ng DFPP ang mga akademikong teritoryalidad nito, ang pagkilala at pagtiyak sa mga saklaw sa wikang Filipino pati na ang mga kursong dapat saklawin nito (Ramos 1998, 2).

**Mga Area ng Larang ng Wika**

Apat ang area sa larang ng wikang Filipino. Kabilang dito ang area ng estruktura ng wikang Filipino, area ng pagpaplanong pangwika, area ng pagsasalin, at area ng leksikograpiya. May ilan ding mga asignatura na may kinalaman sa korelasyon ng wikang Filipino sa kultura at lipunan. Masasabing ang area lamang ng pagpaplanong pangwika, estruktura, at pagsasalin ang tatlong linang at maituturing na talagang area ng larang ng wika. Bagamat umiiral ang pag-aaral sa leksikograpiya, nananatili pa rin itong mga asignatura lamang o maituturing na sub-area ng estruktura. Ang tatlong area na ito na isinusulong ng DFPP ay inaprobahan noong 1985. Bagama't nakikita ng mga guro ang tila hiwa-hiwalay na tunguhin ng mga area, iminungkahi ni Dr. Ramos ang paggamit ng transdisciplinal na lapit sa mga programang ito na magbibigay ng integrasyon sa mga kurso at sub-area upang maipakita ang kabuluhan nito sa pamamagitan ng pagpapalawak ng teoretikal at praktikal na saligan nito (Larangan ng Wika DFPP 1999, 1).

Nais ng DFPP na maging sentro ng kahusayan sa wika at disiplinang Filipino sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng wikang Filipino bilang wikang pambansa, wikang panturo, at wikang opisyal ng unibersidad at ng bansa. Ang larangan ng wikang Filipino ng DFPP ang naglilinang at nagpapatatag sa wika at disiplinang Filipino bilang akademikong larang kasama ang mga tiyak na area at sub-area nito. Isinusulong nito ang transdisciplinal na pananaw, teorya, lapit sa pag-aaral, pagpapaunlad, at pagsusuri ng wikang

Filipino sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malinaw at matatag na programa sa pananaliksik. Iniestablisa ng larang ng wika ang kaniyang identidad sa pamamagitan ng akademiko at kurikular na programa nito sa larang ng pananaliskik, pagtuturo, at serbisyong eksternal kaugnay ng wikang Filipino (ibid., 2).

**Pag-aaral ng Estruktura ng wikang Filipino**

Sa area ng estruktura ng wika pinag-aaralan at ginagawan ng pananalisksik ang grammar o estruktura ng wikang Filipino. Kabilang sa area na ito ang pag-aaral at pananaliksik sa mga grammar ng iba't ibang wika sa Filipinas. Itinuturo at pinag-aaralan dito ang mga usapin sa pagsusuring gramatikal sa ponolohiya, morpolohiya, syntax, at maging ang semantics ng wika. Kabilang sa area na ito ang mga asignaturang Filipino 1 at Filipino 2 para sa mga dayuhang nag-aaral ng grammar o estruktura ng wikang Filipino. Kabilang din dito ang pag-aaral sa balangkas ng wikang pambansa, sarbey ng mga akdang panggrammar ng mga wika sa Filipinas, at mga perspektiba at tunguhin sa pag-aanalisa ng estrukturang lingguwistika ng wikang Pambansa. Pinag-aaralan din sa area na ito ang kasaysayan ng pag-aaral ng mga grammar ng wikang Pambansa, maunlad na grammar, pag-aaral at pagsusuri sa mga gramatika ng mga wika sa Filipinas na sinulat mula noong panahon ng pananakop ng Kastila at Amerikano hanggang sa kasalukuyan, pagsusuri ng estruktura ng Filipino, ang mga gramatikang Tagalog bago ang 1900, at pagsusuri ng syntax at semantics ng Filipino.[1]

**Pag-aaral ng Pagsasalin sa Wikang Filipino**

Sa area ng pagsasalin naman pinag-aaralan ang kahalagahan ng pagsasalin sa pagpapaunlad ng wikang pambansa at ang papel ng area na ito sa pagpapayabong ng Filipino sa akademikong gawain. Dito pinapayabong ang korelasyon ng wika at kultura. Nilalayon sa programang ito na mapalawak, masanay, at magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga estudyante sa mga prinsipyo ng pagsasalin,

pananaliksik sa area na ito, pagsusuri ng mga salin, at higit sa lahat ay ang mismong pagsasalin. Pinagtutuunan ng pansin sa area na ito ang mga konsepto, metodo at mga suliranin sa pagsasalin, mga pagsasanay at aplikasyon sa pagsasalin, pag-aaral ng mga pagsasalin sa Filipinas mula sa panahon ng pananakop ng Kastila at Amerikano hanggang sa kasalukuyan, at mga lapit sa pagsasaling pampanitikan na sinusuri ang mga ginagamit na batayan at pamamaraan sa pagsasalin ng mga akdang pampanitikan. Kabilang din sa area na ito ang pag-aaral sa mga lapit sa pagsasaling teknikal na nagsusuri sa mga ginamit na batayan at pamamaraan sa pagsasalin ng mga akdang teknikal, diskurso at pagsasalin sa akademya, siyensiya at teknolohiya, kabilang dito ang teorya at praktis sa pagsasalin ng mga akdang siyentipiko at espesyal na pagsasalin. [2]

**Pag-aaral sa Pagpaplanong Pangwika**

Sa area naman ng pagpaplanong pangwika pinag-aaralan ang mga teorya, modelo, at kasaysayan ng pagpaplano sa wika sa Filipinas kasama na ang mga karanasan o sitwasyon sa pagpaplano ng wika sa ibang bansa. Kabilang sa area na ito ang pagsusuri sa pinagdaanang sitwasyong pangwika ng Filipinas na nagbibigay-linaw sa tatahaking pagpaplanong pangwika ng bansa. Mayroon ding pag-aaral sa area na ito hinggil sa komparatibong pagpaplanong pangwika upang makita ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga karanasan ng iba't ibang bansa hinggil sa kanilang mga suliraning pangwika na maaring maiugnay sa karanasan ng Filipinas. Ipinaliwanag ni Dr. Pamela C. Constantino na ang pagpaplanong pangwika bilang larang akademiko ay kabilang sa larang ng sosyolingguwistiks. Ang sosyolingguwistiks ay kabilang sa larang sa applied linguistics na nabuo noong dekada 40 bunga ng pagpapaunlad ng repleksiyonistang kaisipan na nagsasabing ang wika ay repleksiyon ng lipunan (Constantino 2007, 1).

Dahil sa pag-unlad ng larang na ito noong dekada 60, ang pagpaplanong pangwika sa DFPP ay nakabuo ng mga pananaliksik na nakakatulong sa tuluyang pagtuturo nito sa mga estudyanteng

di-gradwado hanggang sa doktorado. Bagamat tatlo lamang ang asignaturang may pangalang "pagpaplanong pangwika" tulad ng Filipino 245, 345, at 350 ay masasabi namang sa area na ito makikita ang maraming pananalisksik na nagawa sa larang ng wika. Makikita sa susunod na bahagi ng papel ang mga pananaliksik na ginawa sa area na ito.

Bahagi rin sa pag-aaral sa area na pagpaplanong pangwika ang intelektuwalisasyon, modernisasyon, elaborasyon, estandardisasyon, seleksiyon, at kultibasyon bilang mga dimensiyon at sub-dimensiyon ng pagpaplanong pangwika. Tinatawag ito ni Constantino (2007) na "pangangasiwang pangwika." Sinasalamin nito ang kontrol, proseso, at konsiderasyong politikal, ekonomiko, sosyal, sikolohikal, ideolohikal, at lingguwistik. Ikinategorisa niya sa dalawang pangunahing paksa ang pag-aaral ng pagpaplanong pangwika. Pinag-aaralan sa institusyonal na pagpaplano o pangangasiwang pangwika ang mga institusyong panggobyerno, akademiko, at pribado kaugnay ng mga patakaran at implementasyon nito. Kros-institusyonal na pagpaplano at pangangasiwang pangwika naman ang tawag sa mga pag-aaral na nagkukumpara sa mga patakarang pangwika sa antas na makro at mikro ng mga bansang magkakatulad sa karanasan pati na ang mga institusyon sa isang bansa, rehiyon, at komunidad (Constantino 2007, 3).

**Pragmatics ng Filipino, Rehiyonal na Wika, Internasyonal na Filipino**

Bukod sa tatlong nabanggit na pag-aaral, nakita rin ng kaguruan ng DFPP ang pangangailangan sa higit pang pagpapalawak at pagpapalalim ng disiplinang Filipino upang makatugon sa mga pagbabago at pag-unlad ng panahon. Mula sa pagdaraos ng isang departmental planning workshop noong 1998, pinalawak ng larang ng wika ang tatlong area na nabanggit sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga area na rehiyonal na wika, pragmatics ng Filipino, at internasyonal na Filipino (Legaspi at Enriquez 1999, 1).

Bahagi ng larang ang pagtuturo ng Filipino 10.1 at Filipino 10.2 bilang mga asignaturang para sa mga rehiyonal na wika tulad ng Ilokano, Cebuano, Hiligaynon, Kapampangan, at Bikolano. Pinahahalagahan ng larang ang mga asignaturang nabanggit upang makatulong ito sa lalong pagpapayabong ng wikang pambansa at rehiyunal na kultura. Nakapagbibigay ito ng batayang kasanaysan sa mga wika sa Filipinas sa pagsasalita, pagsulat at pagbasa. Itinatampok dito ang pagtuturo ng mga rehiyonal na lingua franca (Adeva et.al. 1999, 2).

Sa area naman ng pragmatics nabibilang ang mga asignaturang Filipino 40 (dating Filipino 125). Dito pinag-aaralan ang ugnayan ng wika, kultura, at lipunan, ang gamit at kahalagahan ng wika sa komunikasyon at gawaing pang-araw-araw at akademiko. Sa sabjek na ito rin pinag-uugnay ang wika sa ideolohiya, politika, kapangyarihan, kontrol, usaping gender/kasarian, mass media, relihiyon, edukasyon, elitismo, showbiz, at isport. Bahagi rin ng pramatics ang Filipino 195 na nagtatalakay at nag-aaral naman ng sikolohiya ng wikang pambansa. Filipino 128 naman ang sabjek na inaaral ang mga natatanging diskurso sa wika na iniuugnay ang wika at tinitingnan sa area na ito ang gamit ng wika sa lipunan at kulturang Filipino. Sinusuri, pinag-aaralan, at ginagawan ng pananaliksik sa area na ito ang pagkakaroon ng baryedad at proseso ng pagbabago (variety at variation) ng wikang Filipino. Pumapaloob din dito ang pag-aaral ng mga natatanging suliraning pangwika tulad ng wika at diskurso sa konsepto ng gender, mga diskurso sa wika at etnisidad, elektronikong komunikasyon sa wika, at wika, pagkatuto at edukasyon. Mapapansin sa huling bahagi ng papel na ito ang kasaganahan ng mga pananaliksik na ginawa sa area na ito.

May umiiral na Filipino 1 at Filipino 2 para sa internasyonal na mag-aaral ng Filipino. Kinikilala ng larangan ng wika ang dagdag na area na ito dahil kasama ito sa misyon ng DFPP na mapatatag ang Filipino bilang wikang pandaigdig. Bukod dito, may mga umusbong at nagawang pananaliksik ang mga estudyante at mga guro sa wika na tumatalakay sa area na

ito. Ang area na ito ay maaaring makatulong at pagmulan ng mga pananaliksik sa wika.

Lumalabas na pito ang area na nakatala sa larang ng wika ng DFPP. Ang pitong area na ito (estruktura, pagsasalin, pagpaplanong pangwika, leksikograpiya, rehiyonal na wika, pragmatics ng Filipino, at internasyonal na Filipino) ang sumasalamin sa wikang Filipino bilang isang larang na maaring paghanguan ng akademikong paksa at intelektuwal na gawain tulad ng pananaliksik. Ito ang mga area na mapaghahanguan ng karunungan at kasanayang pangwika na nagpapaunlad sa kultura at lipunan ng bansa. Dahil sa mga area na ito, tatangkilikin ang Filipino bilang disiplina.

## *III. Mga Pananaliksik Pangwika mula 1996 - 2007*

Ang datos na nagmula sa GSO ng KAL ay nagpapakita ng tatompu't apat (34) na pinagsamang M.A. tesis at Ph.D. disertasyon. Ito lamang ang nakatalang mga pananaliksik na sumasakop sa taong 1996-2007 na may kinalaman sa larang ng wika. Nalikom naman ng pag-aaral na ito ang halos animnapu't walong (68) indibidwal at personal na pananaliksik ng mga guro sa DFPP hinggil sa wika. Sa pagsusuma, umaabot ng 102 pananaliksik ang nagawa ng mga gradwadong estudyante at mga guro ng KAL tungkol sa wika sa loob ng panahong nabanggit.

Lumalabas sa mga datos na nahahati ang mga ito sa dalawang kaparaanan ng pagkakabuo. Una, nabubuo ang pananaliksik dahil ito ay isang kailanganin upang makapagtapos ng M.A. o Ph.D sa kolehiyo. Ikalawa, nakagagawa ng pananaliksik ang mga guro dahil sa kanilang personal na pagsisikhay na mabuo ang isang pag-aaral na umaayon sa kanilang larangang kinabibilangan at interes sa partikular na paksang pangwika.

Naikategorisa rin ang mga pananaliksik na nakalap ayon sa area ng larang ng wika. Narito ang buod ng mga datos :

**Mga pananaliksik hinggil sa Pagpaplanong Pangwika**

May siyam (9) na tesis at disertasyon ang nagawa at naisulat hinggil sa pagpaplanong pangwika at labingsiyam (19) na indibidwal na pananaliksik naman hinggil dito. Sa loob ng sampung taon, dalawampu't walong (28) pananaliksik ang nagawa at naisulat hinggil sa area ng pagpaplanong pangwika at lumalabas na dalawampu't pitong (27) porsiyento ng kabuuang pananaliksik ay nasa pagpaplanong pangwika. Tinalakay sa mga pananaliksik na ito ang kros-kultural na pagpaplanong pangwika, institusyonal na pagpaplanong pangwika ng Polytechnic University of the Philippines (PUP), University of Asia and the Pacific (UAP), Mindanao State University (MSU), Iligan Institute of Technology (IIT), Central Mindanao University (CMU), Bukidnon State College (BCU), Xavier University, Ateneo de Cagayan, St. Michael College, Immaculate Concepcion College, La Salle, Cagayan Capitol College, Misamis University, Iligan Medical Center College, Commission on Higher Education (CHED), UP Los Baños (UPLB), Cultural Center of the Philippines (CCP), at Language Education Council (LEDCO). May pag-aaral din hinggil sa politika at pagpaplanong pangwika at ang ebalwasyon sa pagpaplanong pangwika.

Ginamit sa mga pag-aaral na ito ang mga historikal-komparatibong lapit, sosyokultural na lapit, eklektikong lapit sa elaborasyon, deskriptibo at historikal na sarbey, at historikal na lapit. Kapansin-pansin na marami ang nagsagawa ng pag-aaral sa institusyonal na pagpaplanong pangwika.

Kilala sa larangang ito ng pananaliksik sina Pamela Constantino (1991), Lydia Liwanag (1996), Vina Paz (1998), Aura Abierra (1999), Jesus Ramos (2000), Victoria Rio (2001), Vivencio Talegon (2003), Mary Joy Banawa (2005), Raymon Agapito (2006), Melania Abad (1999), at Jaine Tarun (2007).

**Mga pananaliksik hinggil sa Pagsasalin**

Sampung (10) pananaliksik naman ang nakatala sa gradwadong opisina bilang mga M.A. tesis o Ph.D. disertasyon at may walong (8) indibidwal na pananaliksik ang nagawa ng mga guro hinggil sa Pagsasalin. Lumalabas na labingwalo (18) ang pananaliksik hinggil sa pagsasalin o labingwalong (18) porsiyento ng kabuuang pananaliksik ang nagawa hinggil sa area na ito. Tinalakay naman ng mga pananaliksik na ito ang mga prinsipyo, estratehiya, at proseso ng pagsasalin. Ipinakita rin ang mga kaparaanan ng literal at dinamikong pagsasalin. Bahagi rin ng pananaliksik ang pagsasalin tungo sa modernisasyon ng wika. May mga pag-aaral ding ginawa hinggil sa mga modelo ng pagsasalin, pagsusuri sa mga salitang salin, malayang pagsasalin, pagsasalin tungo sa pagpaplanong pangwika, teknikal na pagsasalin, proseso ng pagsasalin sa telenobela, pagsasalin sa pag-unlad ng panitikan, pagsasalin sa pag-unawa sa kultura, at pagsusuri sa proseso ng pagsasalin gamit ang pragmatics.

Ginamit sa mga pag-aaral at pananaliksik na ito ang mga lapit na deskriptibo, literal na pagsasalin, modipikadong literal na pagsasalin, pragmatikong lapit, komparatibong lapit, dinamikong pagtutumbas, kontekstuwal na lapit, deskriptibong proseso ng pagsasalin mula source language tungong target language sa usaping kultural, lingguwistiko, at tekstuwal. Ginamitan din ang pag-aaral ng textual analysis, pagsasaling kultural, sosyo-kultural, at malayang salin.

Kilala sa larangang ito ng pananaliksik sina Nilo Ocampo (2002), Lilia Antonio (2003), Rosario Alonzo (1997), Efren Abueg (2000), Rho Young Chul (2001), Rosario Baria (2002), Lourdes Concepcion (2002), Perlita Manalili (2004), Florentino Iniego (2005), Leonisa Impil (2005), Edna Iringan (2006), Eduardo Lapiz (2006), Rosalinda Mendigo (2007), at Wifreda Legaspi (1999) at Melecio Fabros III (2006).

**Mga Pananaliksik Hinggil sa Pragmatics**

Walo (8) ang pananaliksik na naikategorisa sa area na ito mula sa mga M.A. tesis at Ph.D. disertasyon at dalawampu't limang (25) pag-aaral at pananaliksik naman ang naitala mula sa personal na pananaliksik. Lumalabas na tatlompu't tatlong (33) pananaliksik ang naisulat o tatlumpu't dalawang (32) porsiyento ng pananaliksik ay hinggil sa area ng pragmatics. Bahagi ng pananaliksik sa area na ito ang mga pag-aaral sa ugnayan at gamit ng wika sa relihiyon, edukasyon, ideolohiya, sistema ng panghihiram sa tabloid, wika at text messaging, gamit ng wika sa pagtuturo sa University of Sto. Tomas (UST), Philippine Christian University (PCU), Far Eastern University (FEU), Philippine Normal University (PNU), Pamantasan ng Lungsod ng Maynila (PLM), at ugnayan ng wika at mga pagdinig sa barangay. Bahagi rin dito ang pananaliksik hinggil sa ugnayan ng wika at kaluluwa ng tao, wika, at sikolohiya tulad ng wika ng pagmumura at iba pang mga sitwasyong pangkomunikasyon.

Umiikot sa mga lapit na sosyolingguwistika, sosyo-kultural, sikolingguwistika, deskriptibo, at komunikatibo ang ginamit ng mga nabanggit na pananaliksik. Ilan sa mga nagsagawa nito sina Jovy Peregrino (1997), Gonzalo Campoamor II (2002), Jesus Fer. Ramos (2001), Michelle Guevara (2003), Ernesto Buenaventura (2004), Melecio Fabros III (2006), Arlene Macapanpan, Ma. Lorena Santos, Will Ortiz, Wilfreda Legaspi, Jimmuel Naval, Nilo Ocampo (1996), Lilia Antonio (1999), Lilia Santiago (1998), at Pamela Constantino (2005).

**Mga Pananaliksik hinggil sa Estruktura**

Limang (5) pananaliksik naman ang naikategorisa sa area na ito mula sa mga M.A. tesis at Ph.D. disertasyon at limang (5) pag-aaral at pananaliksik naman ang naitala mula sa personal na pananaliksik. Lumalabas na sampung (10) pananaliksik ang naisulat o sampung (10) porsiyento ng pananaliksik ay hinggil sa area ng estruktura.

Kabilang sa area na ito ang mga pag-aaral at pananaliksik nina Enedina Villegas (1997), Althea Enriquez (2004), Theresa Manansala (1999), Teresita Semorlan (2001), Corazon Javier del Rosario (2005), Wilfreda Legaspi (2001), Jesus Ramos (1996), at Vina Paz (2005).

Kabilang sa mga pag-aaral at pananaliksik na nagawa sa area na ito ang transdisciplinal, deskriptibo, at pragmatik na pagsusuri. May mga pag-aaral din sa pagsusuri ng ortograpiya, panghihiram, morpolohiya, leksikon, at syntax. Kabilang dito ang pananaliksik sa baryedad ng Filipino sa Zamboanga, pagsusuri sa estruktura ng codeswitching, panghihiram sa mga textbook na pangkolehiyo sa likas agham, agham panlipunan at math, pedagogical na grammar ng Filipinas at sarbey ng mga grammar ng Tagalog. May pananaliksik din tungkol sa paglalapi sa komprehensiyon ng wika, pagsusuri sa mga Existential Locational Prepositional Possessive (ELPP) na pangugusap, pagtuturo ng gramatikal na Filipino sa mga banyaga (diin sa guro at sa verb), aralin sa estrukturang Filipino (synchronic at diachronic na pagdulog sa wikang pambansa), isang pagsusuri sa mga Hispanisadong salita sa Filipino, at pag-aaral tungo sa functional na alpabeto at ortograpiyang Filipino.

Deskriptibo, synchronic at diachronic na lapit ang nagamit sa halos lahat ng mga pag-aaral na nabanggit. Maituturing na ang larangang ito ay isang napakateknikal na area ng pag-aaral. Sinisipat ng larangang ito ang teknikalidad ng mga ugnayan ng tunog, morpema, at syntax na kung saan nasusuri ang mga korelasyon ng mga ito sa pagbuo ng mga alituntuning pangwika.

**Mga pananaliksik hinggil sa Leksikograpiya**

Dalawa lamang (o dalawang porsiyento) ang nakatalang nagawang pananaliksik hinggil sa area na leksikograpiya sa nakalipas na sampung taon. Pinag-aralan sa M.A. tesis ni Mary Jane Reblando (2004) ang Filipino sa masaklaw na edukasyon tungo sa pagbuo ng diksiyonaryo sa komunikasyon. Ang Ph.D. disertasyon naman ni Ruby Alcantara (2003) ay tungkol sa modelo sa pagbuo ng isang

functional na disksiyonaryong Filipino-Hiligaynon. Parehong gumamit ang dalawang pag-aaral ng experimental-functional na lapit.

**Mga pananaliksik hinggil sa Sikolohiya ng Wika at Baryedad ng wika**


Apat (o apat na porsiyento) ang naitalang pananaliksik hinggil sa ugnayan ng sikolohiya at wika. Kilala si Dr. Lilia Antonio bilang dalubhasa sa usapin ng sikolohiya ng wikang pambansa. Gumawa siya ng pananaliksik sa sikolohiya ng wikang Filipino at mga pananaliksik sa sikolohiya ng wika. Sinulat naman ni Pamela Constantino ang sense of humor ng mga Filipino at ang mga salitang mapang-aglahi. Ginamitan ang pananaliksik na ito ng sikolohikal na lapit.

Pitong pananaliksik naman ang naitala mula sa mga indibidwal na pagsisikhay ng mga guro para sa usapin ng baryedad ng wika. Kabilang dito ang akademikong baryedad ng wikang Filipino ni Vina Paz, wika ng text messaging ni Jovy Peregrino, baryedad at proseso ng pagbabago ng Wika (kasaysayan, teorya at praktis), pluralidad tungo sa identidad, ang baryedad ng wikang Filipino sa pagbuo ng wika at kamalayang Filipino, lengguwaheng pinoy sa bilyar, diyalekto, register, jargon, at gobbledygook tungo sa komunikasyon at pagbubuklod sa wikang pambansa na sinulat naman ni Pamela Constantino. Lumalabas na pitong porsiyento ang mga pananaliksik na nabuo sa usapin ng baryedad ng wika.

Sadyang ihiniwalay ang sikolohiya ng wika at ang usapin ng baryedad ng wika sa mga naunang area bagamat may kaugnayan ito sa pagpaplanong pangwika, pagsasalin, pragmatics, estruktura, at leksikograpiya. Ito ay sa dahilang ang pananaliksiksik sa sikolohiya ng wika ay may tiyak na kaparaanan at pagtalakay sa wika na nakapokus sa pag-aaral ng pag-iisip at pagkilos ng tao. Bagamat ang baryedad ng wika ay maaring maihanay o maisama sa area ng pragmatics, may pagkakataon naman na ang pagtalakay sa baryedad ay maaring maging estruktural.


### Direksiyon ng Pananaliksik pangwika sa loob ng sampung taon

Kapansin-pansin sa pie chart ang pagkakaroon ng pragmatics ng pinakamataas na porsiyento ng nagawang pananalikiksik sa kabila ng hindi nito pormal na pagkabilang sa opisyal na larang ng pag-aaral at pagtuturo sa wika. Sa kabila ng pagkilala sa pagpaplanong pangwika, pagsasalin, estruktura, at leksikograpiya bilang mga opisyal na area sa pag-aaral ng wika, makikitang ang mga pananaliksik na nabuo sa loob ng nabanggit ng sampung taon ay nakapokus sa pragmatics. Bagamat sa apat na opisyal na area, ang area ng pagpaplanong pangwika ang relatibong may pinakamataas na porsiyento ng nagawan ng pananaliksik. Pansinin ang dayagram:



"Pagpaplanong Pangwika"

Makikita rin sa bar graph sa ibaba ang ungos ng area ng pragmatics bilang pinakamataas na porsiyento ng nagawang pananaliksik.




Ang mga nagawang pananaliksik sa area ng pagpaplanong pangwika ay karamihang komparatibo at kros-kultural at institusyonal na mga pananaliksik. Makikita rin sa mga ito ang dokumentasyon lamang ng mga produktong akademiko tulad ng paglilista, tesis, at disertasyon. Hindi pa mayaman sa teoretikal na antas ang mga pananaliksik sa pagpaplanong pangwika. Mula sa datos, masasabing sa usapin ng kasaysayan ay hindi pa ganoong

kalaliman ang mga pananaliksik. Halos walang nagawang pag-aaral sa proseso at aplikasyon maging sa ebalwasyon sa pagpaplanong pangwika. Kumbaga sa mga metodo at lapit na ipinaliliwanag ni Dr. Pamela C. Constantino sa kanyang papel sa agenda sa pananaliksik sa disiplinang Filipino, kapos pa ang pananaliksik sa pagpaplanong pangwika sa mga lapit na disiplinal, multidisiplinal, at transdisiplinal.

Ang mga nagawang pananaliksik naman sa area ng pagsasalin ay nakatuon sa mga prinsipyo, estratehiya, proseso, literal na pagsasalin, modernisasyon, modelo ng pagsasalin, at teknikal na pagsasalin. Ginamitan ang mga ito ng mga lapit na deskriptibo, pragmatik, komparatibo, at kontekstuwal. Nangangailangan pa ang area na ito ng mga pananaliksik sa pagteteorya sa pagsasalin. Gayumpaman, mayaman ang area na ito sa pananaliksik na may kinalaman sa aplikasyon, proseso, at kasaysayan.

Sa area naman ng estruktura, deskriptibo at komparatibo ang karamihan sa mga nagawang pananaliksik. Mayroon din namang pagsusuri sa ortograpiya, morpolohiya, leksikon at syntax ngunit dahil sa kakaunti ang mga pag-aaral at pananaliksik sa area na ito, halos walang pananaliksik hinggil sa pagteteorya sa pag-aaral ng estruktura. Hindi pa rin nakagagawa ng pananaliksik hinggil sa mga isyung pinalulutang ni Dr. Jonathan Malicsi hinggil sa makabagong grammar o syntax ng Filipino sa anyong pasalita.[3] Ang binabanggit na pagteteorya dito ay nagmumula sa mga paglalarawan ng grammar.


Sa area ng leksikograpiya pinakakaunti ang nagawang pag-aaral o pananaliksik. Halos hindi napagtuunan ng departamento ang area na ito sa kabila ng pagkilala rito bilang opisyal na area. Dalawang porsiyento lamang ng kabuuang pananaliksik sa loob ng sampung taon ang nagawa sa area na ito. Walang nagawang pag-aaral sa kasaysayan nito at pagbuo ng teorya sa area na ito.


Sa kabila ng kakaunting pananaliksik sa area ng estruktura at leksikograpiya, masasabing mula sa nakatalang datos ay sagana

naman sa pananaliksik ang area ng pragmatics. Sa area na ito nagbuhos ng interes ang mga guro at mananaliksik ng departamento. Ang mga paksa ng pag-aaral ay pumaloob sa mga lapit na interdisiplinal, multidisiplinal, at transdisiplinal. Sa madaling sabi, iniugnay ng mga pag-aaral at pananaliksik na ito ang wika sa iba't ibang institusyong panlipunan, iba't ibang larang o disiplina, iba't ibang sitwasyon ng pagkakagamit ng wika, at iba't ibang sangay ng kaalaman. Napag-aralan ang wika kaalinsabay at pumapaloob sa relihiyon, mga asignatura sa eskwelahan, edukasyon, ideolohiya, politika, pahayagan, text messaging o teknolohiya, gender/kasarian, gamit ng wika sa iba't ibang propesyon, business, mass media, batas, sikolohiya, antropolohiya, at maging sa kaluluwa ng tao.

Bagama't masasabing may kanya-kanyang tinatahak na landas ang mga area ng pananaliksik sa wika, marami pa ring dapat na gawan ng mahahalagang pananaliksik at pag-aaral sa bawat area. Patuloy ang pagpapayabong at pagpapayaman sa bawat area na ito upang maging mas malawak ang mga pananaliksik na nagpapatingkad sa mga kaalamang dapat maiambag ng pananaliksik pangwika. Mahalagang mailatag sa papel na ito ang mga panukala sa pagpapayabong ng pagnanaliksik na pangwika.


Makikita sa mga graph ang pagkakahati-hati ng porsiyento ng pananaliksik na nagawa sa pagtatamo ng M.A. at Ph.D. sa DFPP







Ipinakikita ng mga graph sa itaas na pinakamaraming pananaliksik ang nagawa sa area ng pagsasalin at sinusundan lamang ito ng area ng pagpaplanong pangwika. Pumapangatlo lamang ang pananaliksik sa pragmatics. Kakaunti talaga ang pananaliksik sa estruktura at leksikograpiya.

Samantalang sa mga indibidwal na pananaliksik, talagang pinakamarami ang nagawa sa pragmatics at sinusundan lamang ito ng pagpaplanong pangwika, pagsasalin, baryedad, estruktura, at sikolohiya. Walang personal o indibidwal na pananaliksik hinggil sa leksikograpiya.


Mga Sariling Pananaliksik
Sikolohiya ng Wika 6%
Varayti 10%
Estruktura 7%
Pragmatiks 37%
Pagsasalin 12%
Pagpaplanong Pangwika 28%


Mga Sariling Pananaliksik
40%
35%
30%
25%
20%
15%
10%
5%
0%
37%
28%
12%
7%
0%
10%
6%
Pragmatiks
Pagpaplanong Pangwika
Pagsasalin
Estruktura
Leksikografi
Varayti
Sikolohiya ng Wika
1
2
3
4
5
6
7

## *IV. Agenda sa Pananaliksik na Pangwika*

Sa pulong na ginawa ng larang ng wika noong Oktubre 24, 2007 na dinaluhan nina Dr. Nilo S. Ocampo, Prop. Aura Abiera, Prop. Vina P. Paz, Dr. Jovy M. Peregrino, Dr. Pamela C. Constantino at Prop. Melecio Fabros III, nabuo ang isang agenda sa pananaliksik pangwika. Kasama sa mga nag-ambag ang iba pang mga guro sa wika na nagpadala ng kanilang mga ulat hinggil sa kanilang mga nagawang pananaliksik na pinagbasehan ng nabuong agenda.

Sa area ng pagsasalin, inaasahang sa susunod na sampung taon ng pananaliksik ay matutugunan at makagagawa ng mga pananaliksik sa :

- Pagteteorya sa iba't ibang paraan ng pagsasalin sa iba't ibang larang
- Pagsasalin ng wikang pambansa tungo sa ibang wikang pambansa
- Pagsasalin mula sa mga wikang Asyano tungo sa wikang Filipino
- Pagsasalin mula sa rehiyonal na wika tungo sa Filipino
- Pagsasalin kay Rizal
- Teknikal na pagsasalin
- Pagsasaling pampanitikan

Sa area ng pagpaplanong pangwika, inaasahan sa susunod na sampung taon na makagagawa ng mga pananaliksik hinggil sa :

- Mga usapin sa ugnayan ng pagpaplanong pangwika at pangangasiwang pangwika
- Ambag ng KWF sa mga institusyon ng lipunan kasama na ang pagtatasa dito hinggil sa kanyang papel bilang tagapagtaguyod ng wikang Filipino bilang wikang pambansa
- Pagteteorya sa pagpaplanong pangwika
- Patuloy na komparatibong pag-aaral sa pagpaplanong pangwika (sa mga rehiyon sa Filipinas, Latin Amerika, Africa, at Europa)
- Modelong ebalwasyon sa pagpaplanong pangwika

Sa area ng estruktura, inaasahan sa susunod na sampung taon ng pananaliksik ay matutugunan at makagagawa ng mga pananaliksik hinggil sa:

- Pagkakaiba ng analitikong wika sa sintetikong wika sa pamamagitan ng pagsusuri sa grammar nito
- Pagteteorya sa pag-aaral ng estruktura
- Mas malalimang pananaliksik hinggil sa estruktura ng deribasyon at panghihiram
- Estruktura ng pasalita at pasulat na Filipino
- Pagbuo ng grammar ng wikang Filipino
- Gramatikal na pagsusuri sa wika ng panitikan, mga manunulat sa Filipino, at mga wika sa Filipinas
- Codeswitching sa Filipino at mga wikang Filipino/Ingles/ Espanyol.

Sa area ng leksikograpiya, inaasahan sa susunod na sampung taon ng pananaliksik ay matutugunan at makagagawa ng mga pananaliksik hinggil sa:

- Kasaysayan ng leksikograpiya
- Pagteteorya sa larang ng leksikograpiya
- Mga pag-aaral sa iba't ibang diksiyonaryo at pagbuo ng mga modelong diksiyonaryong lokal at global.

Sa usapin ng pragmatics, inaasahan sa susunod na sampung taon ng pananaliksik ay matutugunan at makagagawa ng mga pananaliksik hinggil sa :

- Wika ng/at/sa sikolohiya
- Sikolohiya ng wikang Filipino
- Wika ng/at/sa pilosopiya
- Pilosopiya ng wikang Filipino
- Wika ng/sa/at antropolohiya
- Politika at globalisasyon
- Gender at wika
- Wika sa dominyo ng media, kalakalan, pamahalaan, akademya, pang-araw-araw na gamit, elektronikong

komunikasyon, blog, text messaging
- Pagkakabuo ng mga baryedad ng wikang Filipino mula sa dominyong gumagamit nito
- Pagwiwika ng sining
- Pagsusuri sa katangian ng wikang Filipino at gamit nito sa estilo, retorika, euphemism, usaping taboo, at lohika
- Discourse analysis sa Filipino at mga wika sa Filipinas
- Epekto ng globalisasyon sa wika kaugnay ng kaisipan, pagkatuto, pagtuturo, at pagpapahalaga.

Sa usapin ng ng rehiyonal na wika, nararapat na magkaroon ng komprehensibong pananaliksik hinggil sa ambag ng mga wika sa pagbuo ng wikang pambansa. Kasama sa pag-aaral at pananaliksik sa mga rehiyonal na wika ang estruktura ng mga ito, kabuluhan sa konteksto ng lipunan, pananaliksik, at edukasyong Filipino.

Sa usapin ng sikolohiya ng wikang Filipino, dapat gumawa ng pag-aaral sa aspektong kognitibo ng wikang pambansa.

Kinikilala rin ng larang ng wika ang Filipino bilang internasyonal na wikang itinuturo bilang dayuhang wika at nagagamit sa kani-kanilang bansa bilang wika ng komunikasyon. Nararapat na makagawa ng pananaliksik sa internasyonal na Filipino sa usapin ng sumusunod:

- Filipino bilang pangalawang wika
- Filipino bilang instrumento sa pananaliksik ng mga dayuhan
- Filipino bilang instrumento sa palitang kultural
- Filipino para sa internasyonal na gamit (turista, balikbayan, dayuhang negosyante, dayuhang diplomat, at dayuhang misyonero). [4]

Sa kabuuan ng agendang ito, mahalagang makagawa ng mga empirikal na pag-aaral na nagpapakita ng kahalagahan at kakayahan ng Filipino bilang intelektuwal na wika kasama na ang malinaw na papel ng mga wika sa Filipinas sa pananaliksik at iba pang gawaing akademiko.

Dapat isaalang-alang ang kaisipan at konseptong Filipino sa pagteteorya ng mga pananaliksik na pangwika sa kabila ng paggamit ng mga dayuhang modelo sa pag-aaral. Mahalagang makasulat ng kasaysayan ng wika mula sa iba't ibang perspektibang nakaugnay sa politika, ekonomiya, kolonyalismo, advocacy, at elitismo. Batay ito sa pahayag ni Dr. Pamela C. Constantino na hindi lamang dapat kronolohikal ang pagtingin sa kasaysayan ng wikang Filipino.

### *V. MGA ESTRATEHIYA AT REKOMENDASYON SA PAGPAPA-HUSAY NG PANANALIKSIK*

Marami pang dapat gawin at isaalang-alang sa pagpapahusay ng pananaliksik sa larang ng wika. Ang mga nagawa nang pananaliksik na pangwika ay nagsisilbing palagiang pundasyon at gabay upang makita kung ano pang dominyo ng pananaliksik na pangwika ang nararapat na pagtuunan ng pansin.

Mahalagang makita ang papel ng mga pananaliksik na ito sa pagtuturo ng wika. Kaya may malaking papel ang mga umiiral na asignaturang itinuturo ng larang ng wika sa antas di-gradwado at antas gradwado upang makabuo ng malinaw na tunguhin at prayoritisasyon ng mga gagawing pag-aaral at pananaliksik. Sa bawat area, dapat isaalang-alang ang mga sumusunod :

- Mga nagawa at gagawin pang mga pag-aaral at pananaliksik
- Mga nailathala at mga programa sa paglalathala sa partikular na area
- Mga estratehiya at kagamitan sa pagtuturo
- Usapin ng marketing o pagbebenta sa area. [5]

Malaki ang papel ng apat na ito upang lalong magabayan ang mga gagawin pang pananaliksik. Sa pag-uugnayan ng mga nagawang pananaliksik at mga nailathalang pananaliksik makikita ang mga kakulangan at kalakasan ng produksiyon ng kaalaman. Mula sa mga lathalain makikita ang kasaganahan at kadahupan ng mga babasahing pananaliksik sa partikular na area ng wika. Nakatutulong naman ang mga lathalain sa pagpapahusay ng

estratehiya ng pagtuturo ng bawat guro na nagiging isang malaking salik upang magamit sa pagmamarket ng kurso sa mga estudyante ng unibersidad.

Sa pamamagitan lamang ng mga naipasang M.A. tesis at Ph.D. disertasyon at kakaunting pinaglalaban-labanan pang mga professorial chair grant nagmumula ang mga pananaliksik. Nararapat lamang na isaayos ang mga pinagagawang pananaliksik sa mga tesis at disertasyon sa usapin ng pagpapayo sa mga advisee, at pagsasaalang-alang sa agenda ng pananaliksik. Mainam din na magkaroon ng maliliit na agenda sa bawat area bukod sa pangkabuuang agenda sa larang ng wika.

Dapat madagdagan ang mga professorial chair grant na pangwika. Ipagpatuloy ang ginagawang pamamahagi ng mga research grant sa mga junior faculty gayundin ang mga grant para sa mga senior. Dapat ay may nakalaang pondo para sa mga nagtapos ng M.A. at Ph.D. upang makagawa muli sila ng mga karugtong o kaugnay na pananaliksik mula sa kanilang mga naunang pananaliksik. Dapat tumulong din at magkaroon ng malinaw na programa sa usaping pampinansiyang suporta ang opisina ng dekano sa panugunguna ng katuwang na dekano sa pananaliksik at publikasyon. Kasama sa programang ito ang palagiang koordinasyon sa pagitan ng mga larang sa iba pang larang ng kolehiyo upang mas maging malawak ang sakop ng agenda sa pananaliksik at maiwasan ang pag-uulit ng mga pag-aaral.

Dahil sa tunguhin ngayon ng mga pananaliksik na ginagawa sa unibersidad at programa ng kasalukuyang tsanselor, mainam na makabuo ang kolehiyo at departamento ng mga pananaliksik na may kolaborasyon sa ibang larang o departamento sa loob at labas ng kolehiyo. Dito makikita ang interdisiplinal, transdisiplinal o multidisiplinal na mga lapit sa pananaliksik. Maaring magsanib ang DFPP at Department of Speech Communication and Theater Arts (DSCTA) sa usapin ng pasalitang Filipino; ang DFPP at Departamento ng Aralin sa Sining (DAS) sa pag-aaral sa pagwiwika ng sining; at iba pa.

Kailangan ang konsultasyon at pakikipag-ugnayan ng DFPP sa SWF hinggil sa binuo nitong agenda sa saliksik-wika. Bagamat aktibong kasama ang mga guro ng DFPP sa proyekto ng SWF sa mga pananaliksik, kailangan pa rin ang maayos na koordinasyon ng dalawang opisina upang magkomplement ang mga pananaliksik na isasagawa.

Maaring yumabong ang programa sa pananaliksik sa pamamagitan ng mga venue sa talakayan tulad ng kapihan at baliktaktakan. Dapat na patuloy na suportahan ang mga kolokyum at pagkakalendaryo ng mga ito upang maging venue ng presentasyon ng mga pananaliksik at maging inspirasyon mismo ng pagbuo ng mga bagong pananaliksik hinggil sa mga paksang tinalakay. Mula sa mga gawaing pang-advocacy maaring matukoy ang mga pagkilos at proseso ng pagtugon dito na maaaring magawan at paghanguan ng mga paksa sa pananalisksik. Ito ay sa dahilang ang pagtataguyod sa wika ay hindi maihihiwalay sa pag-aaral ng Filipino na resulta ng pinagdaanang kasaysayan ng wikang pambansa at ng kasalukuyang estado ng Filipino sa lipunang Filipino. Maaring pagmulan ng pananaliksik ang sumusunod:

- Kolok-fil – kolokyum Filipino na nagtatalakayan at nagbabahaginan hindi lamang ang mga guro sa wika, kundi maging ang mga estudyante kahit na iyong hindi nagpapakadalubhasa sa Filipino
- Kapihan-wika – malayang talakayan ng mga guro at eksperto sa wika
- Glosari-fil – pagbuo ng glosari ng mga termino sa wika, panitikan, araling Filipino, at administrasyon; maaring makatulong ito sa pagpapahusay ng pagsulat at pananaliksik sa Filipino
- Advoka-fil – mga posisyong papel na may kinalaman sa pagkikibaka para sa at pagtataguyod sa wika; makakahango rito ng malinaw na agenda ng pananaliksik hinggil sa pagpapatatag ng Filipino sa iba't ibang usaping panlipunan. [6]

Inirerekomendang magsagawa ng ebalwasyon at tasahin ang bawat area sa larang ng wika. Ibig sabihin, makikita ang yaman

at lalim ng mga pananaliksik sa bawat area kung naipakikita nito ang kasaysayan, yaman sa teorya, hindi lamang deskripsiyon sa proseso kundi pagsusuri dito, at mayamang pag-aaral sa aplikasyon ng area na ito sa akademya at lipunan. Ito ang nagsisilbing sukatan ng lawak at lalim ng mga nagawang pag-aaral sa bawat area. Iminumungkahi sa bawat pinuno ng area sa larang ng wika na magpatupad ng isang masusing pagtatasa sa mga pananaliksik pangkasaysayan, panteorya, pamproseso, at pang-aplikasyon upang masukat ang kasalukuyang antas, lawak, at lalim ng mga pananaliksik sa area na iyon. Maari itong maging gabay sa paglilinaw ng agenda sa pananaliksik pangwika.

Iminumungkahi ring matasa ang ugnayan ng mga area sa kabuuang programa ng wika. Ilan sa mga dapat pag-isipan ay ang bilang ng asignaturang itinuturo sa ilalim ng partikular na area o kaya nama'y ang bilang ng degree sa antas di-gradwado at gradwado. Sa mga asignaturang itinuturo mailuluwal ang mga paksa ng pananaliksik upang magamit ang magiging resulta nito sa pagtuturo.

Dapat bumuo ng asignaturang tumatalakay sa pragmatics ng wika sa antas di-gradwado at gradwado. Maari itong tawaging Filipino 130, Filipino 230 at Filipino 330 bilang mga asignaturang nagtuturo ng teorya, proseso, at aplikasyon ng konseptong pragmatiko sa usapin ng wika sa pangkalahatan at wikang Filipino sa partikular na maaring maging elektiba ng ibang mga estudyante sa buong Diliman.

Nararapat ding maging malay sa tuon ng mga pag-aaral ng mga saklaw o larang ng wika kung ang mga pag-aaral ba ay puro deskriptibo lamang o tumutuon sa pagbuo ng teorya. Mahalagang isaalang-alang dito ang malinaw na perspektiba sa pananaliksik ng antas di-gradwado at gradwado. Ibig sabihin, ang mga BA tesis ay hindi dapat hinahanapan ng ambag na teorya. Ang M.A. tesis naman ay dapat nagpapakita ng mas malalim na pagsusuri at pagkabatid sa paksang pinag-aaralan gamit ang mga teoretikal at konseptuwal na mga giya o balangkas. Samantalang sa Ph.D. disertasyon ay nararapat na makapag-ambag ng teorya sa disiplina o area na kinabibilangan ng pag-aaral bilang dalubhasa sa partikular na larang o area.

Kailangan ding magsagawa ng pananaliksik hinggil sa mga hadlang sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng wikang Filipino at mga wika sa Filipinas. Mula dito, maaring magamit ang papel na ito sa pagkilala sa mga kinakaharap na suliraning pangwika ng bansa. Dito maaring mailatag at mabuo ang isang komprehensibong pormulasyon ng plano para sa pagpapayabong, paggamit, at pagtuturo ng Filipino sa lipunan. [7]

## *VI. PAGLALAGOM*

Malaki ang papel ng isang komprehensibong pagtatasa at muling pagsipat sa mga nagawang pananaliksik pangwika ng DFPP mula 1996-2007. Mula dito muling napag-aaralan ang mga ginawang pananaliksik upang magbigay ng giya sa mga nararapat pang gawan ng pananaliksik. Ang mga pananaliksik na ito ay hindi dapat lumayo o lumihis sa itinatadhana at ipinahahayag na bisyon-misyon ng DFPP. Ang mga pananaliksik na ginagawa at plano pang gawin ay dapat makatulong sa pagpapanatili, pagpapaunlad, at intelektuwalisasyon ng wika sa kabila ng mga epekto ng globalisasyon.

Sa pitong area sa larangan ng wika (pagpaplanong pangwika, estruktura, leksikograpiya, pagsasalin, pragmatics, rehiyonal na wika, at internasyonal na Filipino), marami pang dapat isagawang pananaliksik na umaayon sa itinatakda ng bisyon-misyon ng DFPP sa usapin ng wika. Bagamat nakikita sa dami ng pananaliksik na nagawa mula 1996-2007 ay nagiging sub-area na lamang ng estruktura ang leksikograpiya. Napabayaan ang pananaliksik sa area ng rehiyonal na wika at internasyonal na Filipino. Sa pitong area na ito ng larang ng wika, ang pagpaplanong pangwika, estruktura, at pagsasalin lamang ang opisyal at kinikilala bilang degree sa wika. Sa antas B.A., lahat ng area ay bahagi ng kurikulum maliban siyempre sa area ng internasyonal na Filipino na para sa mga dayuhan. Sa antas M.A., maaring gumawa ng tesis o pananaliksik sa anumang area. Sa antas Ph.D. naman makikita ang tatlong espesikong kurikulum (Ph.D. Pagpaplanong Pangwika, Ph.D. Estruktura, Ph.D. Pagsasalin). Sa kabila nito, nakauungos ang area ng pagpaplanong pangwika at pagsasalin sa area ng estruktura dahil sa kakaunti lamang ang estudyante na nag-aaral ng estruktura.

Sa kabilang banda, ang pinakamaraming nagawang pananaliksik sa pragmatics ay nasa indibidwal na pagsisikhay ng mga mananalisksik. Dahil hindi kabilang sa pagkamit ng digri ang area ng rehiyonal na wika, nagiging asignatura na lamang ito at hindi na nagagawan ng pananaliksik. Lumilitaw dito ang papel ng pagiging kailanganin ng mga M.A. tesis at Ph.D. disertasyon upang makabuo ng mga pananaliksik sa partikular na area lalo na sa mga teknikal na area tulad ng estruktura. Masasabing napakaraming pananaliksik sa pragmatics dahil na rin sa lawak ng dominyo nito na maaring pagkunan ng paksa sa pananaliksik na pangwika.

Dahil dito nararapat lamang na regular na binabalikan ang mga agenda sa pananaliksik upang patuloy na makita ang mga aspektong dapat gawan ng pananaliksik at nang sa gayon ay mas madaling matugunan ang mga area ng disiplinang napapabayaan.

Ang mga pananaliksik ay dapat na makatulong sa pagpapatupad ng bisyon-misyon ng DFPP at KAL. Patungo dapat ang mga pananaliksik na pangwika sa pagsagot sa mga realidad sa lipunan upang maging makabuluhan ang ginagawang pananaliksik pangwika sa loob ng akademya. Patungo dapat ang pananaliksik pangwika na dapat nagtataglay ng pinakamataas na pamantayan sa pagsusulong sa oryentasyong makabayan.

Dahil malawak ang bisyon-misyon ng kolehiyo at DFPP, lahat ng gawaing pananaliksik ay pumapasok sa bisyon-misyon na ito. Ang mahalagang ambag ng CAL-CASAF Research Grant na ito ay ang pagsisinop at pagmamapa ng mga nagawa nang pananaliksik. Bukod sa ambag ng papel na ito para sa malinaw na agenda sa pananaliksik na pangwika, kinikilala ng pag-aaral na ito na marami na ang nagawang pananaliksik sa iba't ibang area ng wika sa labas ng DFPP. Ngunit nararapat din na malinaw na makapagtasa at makapagmapa ang DFPP ng ambag nitong pananaliksik sa larangan ng wika. Maaring maipamulat ng hakbang na ito ang dami o kadahupan ng mga produkto pananaliksik ng DFPP kumpara sa mga pananaliksik sa labas nito. Dito makikita ang halaga ng pakikipag-ugnayan ng DFPP sa iba pang mga grupo o institusyong

nagtataguyod sa wika at gumagawa ng mga pananaliksik pangwika upang magkasamang mabuo at matasa ang mga nagawa at gagawin pang mga pananaliksik sa wika.

Mula sa papel na ito maaring mahinuha ang ugnayan ng mga pananaliksik na isinasagawa ng DFPP sa kurikulum na pangwika nito. Kabilang dito ang pag-uugnay ng mga pananaliksik sa mga asignaturang itinuturo at kabilang sa kurikulum. Bukod dito, ang pagmamapa ng mga nagawang pananaliksik at pagbuo ng agenda sa pananaliksik mula dito ay maaring makapagpakita ng ugnayan ng agenda sa pagkadalubhasa ng mga guro sa wika, interes ng mga guro sa wika, at bilang o dami ng mga guro na maaring maasahang gumawa at manguna sa partikular na pananaliksik mula sa agendang ito.

Ang agenda sa pananaliksik pangwika ay dapat maging salamin ng yaman, lalim, at lawak ng sakop ng pag-aaral at pananaliksik sa wikang Filipino bilang pangunahing wika sa pananaliksik sa lahat ng antas at larangan sa Filipinas na magiging muog ng pagyabong ng oryentasyon at kaalamang Filipino.

### *Mga Tala*

1 Hango sa mga deskripsiyon ng mga kursong pang-estruktura tulad ng Fil. 102, 104, 105, 201, 203, 207, 208, 301, 303, 305, 310, 311,

2 Hango sa mga deskripsiyon ng mga kurso sa pagsasalin tulad ng Fil. 180, 280, 281, 287, 290, 380, 387, 381, 390. Hango rin sa hindi nakalimbag na papel ni Dr. Lilia F. Antonio (2003).

3 Malinaw na tinalakay ni Dr. Malicsi ang adyenda sa estruktura ng wika mula sa perspektiba ng Departamento ng Linggwistiks hinggil sa mga problema sa gramatika ng wikang Filipino. Nasa Malicsi 2007, 5.

4 Batay ito sa Legaspi at Enriquez 1999.

5 Pinalutang ito ng mga kasaping guro sa pagbuo ng programa para sa rehiyunal na wika na kinabibilangan nina Frieda Marie Adeva bilang koordineytor kasama sina Aurelio Agcaoili, Ruby Alcantara, Nilo Ocampo, Anatalia Ramos, Noemi Rosal, at Ofelia Silapan. Mayo 1999.

6 Nilikha ni Dr. Pamela Constantino. Nasa Constantino 2003.

7 Mula ito sa paliwanag ni Dekano Virgilio Almario. Nasa Almario 2007.

## *Sanggunian*

**Aklat/Pananaliksik**

Adeva, Frieda Marie Bonus, Aurelio Agcaoili, Ruby Alcantara, Nilo S. Ocampo, Anatalia Ramos, Noemi Rosal, at Ofelia Silapan. 1999. Programa para sa mga rehiyunal na wika. Papel na binasa sa pulong ng larangan ng wika Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman, 25 Mayo.

Almario, Virgilio. 2007. Nakaplanong modernisasyon ng wikang Filipino. Papel na inihanda para sa seminar ukol sa pagbuo ng adyenda sa saliksik-wika ng Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, 30-31 Agosto.

Antonio, Lilia F. 2003. Pagsasalin bilang akademik na larangan: Kurikulum at mga kurso sa di-gradwado at gradwadong pag-aaral. Papel na binasa sa pambansang kumperensiya ng Pambansang Samahan sa Wika, Pulungang Recto, UP Diliman, 3 Disyembre.

Constantino, Pamela C. 2003. Wikang Filipino: Linawan tungo sa unawaan. Di-limbag na konseptong papel, 13 Agosto.

———. 2005. Multidisiplinal na lapit sa pagbuo ng disiplinang Araling Filipino. Di-limbag na papel, 19 Hulyo.

———. 2007. Agenda ng pananaliksik sa pagpaplano at pangangasiwang pangwika. Papel na inihanda para sa seminar ukol sa pagbuo ng adyenda sa saliksik-wika ng Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, 30-31 Agosto.

Constantino, Pamela C. Walang petsa. Agenda sa reserts sa wika at disiplinang Filipino. Di-limbag na papel.

Constantino, Pamela C., ed. 2005. *Filipino at pagpaplanong pangwika: Ikalawang sourcebook ng Sangfil.* QC: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman.

Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Walang petsa. Bisyon, misyon, layunin at estratehiya. Di-limbag na papel ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas.

De Villa, Ma Theresa. 2007. Adyenda sa pagsasalin. Papel na inihanda para sa seminar ukol sa pagbuo ng adyenda sa saliksik-wika ng Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, 30-31 Agosto.

Fabros, Melecio III, Jovy M. Peregrino, at Ligaya Tiamson-Rubin. 1998. Mungkahing rebisyon sa programang M.A. sa wika. Di-limbag na papel, Oktubre 8, 1998.

Larangan ng Wika, Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura (DFPP-KAL). 1999. Mungkahing institusyon at rebisyon ng mga kurso sa programa ng wIka at disiplinang Filipino. Di-limbag na papel.

———. 2002. Mungkahing rebisyon ng kurikulum sa wika. Di-limbag na papel, Mayo.

———. 2007. Pagtatala ng mga pananaliksik sa larangan ng wIka tungo sa pagbuo ng research agenda. Di-limbag na minits ng pulong ng Larangan ng wika, DFPP AVR, 24 Oktubre.

Legaspi, Wilfreda at Althea Enriquez. 1999. Mungkahing papel sa pagpapatatag ng internasyunal na Filipino bilang erya ng disiplinang Filipino. Papel na binasa sa 1999 Summer Workshop ng DFPP, Balay Chancellor, Hunyo 11.

Malicsi, Jonathan. 2007. Adyenda sa estruktura ng wika. Papel na inihanda para sa seminar ukol sa pagbuo ng adyenda sa saliksik-wika ng Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, 30-31 Agosto.

Peregrino, Jovy M. 2000. Barayti ng wikang Filipino sa adbertisment sa TV: Pag-aaral sa trend at sistema ng codeswitching at borrowing. Di-limbag na pananaliksik sa tulong ng Belmonte Research Grant ng KAL, UP Diliman.

Peregrino, Jovy M. at Althea Enriquez, eds. 2005. *Lagda: Ang Filipino sa iba't ibang disiplina*. QC: Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas.

Peregrino, Jovy M., Pemela C. Constantino, at Nilo S. Ocampo, eds. 2002. Minanga: Mga babasahin sa varayti at varyasyon ng Filipino. QC : Sentro ng Wikang Filipino-Diliman.

Ramos, Jesus Fer. 1998. Mungkahing programa at mga kurso

sa wika at disiplinang Filipino. Di-limbag na papel, 8 Oktubre.

Santos, Benilda S., ed. 2003. *Ang wikang Filipino sa loob at labas ng akademya't bansa: Unang sourcebook ng Sangfil 1994-2001*. QC: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman.

Sentro ng Wikang Filipino. 1996. *Daluyan: Journal ng SWF sa Talakayang Pangwika*, VII(1-2): 91-100.

**Tesis at Disertasyon**

Abiera, Aura A. 1999. Ang papel ng LEDCO bilang organisasyong pangwika sa pagpaplanong pangwika ng Pilipinas. M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Abueg, Efren R. 2000. Ang pragmatiks sa pagsasalin ng Viajero ni F. Sionil Jose. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Agapito, Raimund C. 2006. Awtoridad sa pagpaplanong pangwika : Pag-aaral sa implementasyon ng patakarang pangwika ng UP Los Banos. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Alcantara, Ruby G. 2003. Modelo sa pagbuo ng isang pungsyonal na diksiyonaryong Filipino-Hiligaynon. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Alonzo, Rosario. 1997. Pagsusuri ng salin sa Filipino mula sa Ingles ng mga legal na dokumento. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Banawa, Marie Joy D. 2005. Kritikal na evalwasyon ng implementasyon ng CHED GEC sa Filipino sa ilang piling unibersidad sa Rehiyon 10 : Tungo sa masaklaw na palisi at programa sa Filipino sa rehiyon. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Baria, Rosario B. 2002. Pagsasalin sa Filipino ng ilang sulating sayantific ukol sa bioteknolohiya (Paglalapat sa mga teorya ng "dinamikong pagtuutmbas" at "kontextual korespondens"). Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Buenaventura, Ernesto. 2004. Wika at nasyonalismo: Pagtuturo sa Filipino ng Kursong Rizal. M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Campoamor, Gonzalo A. II. 2002. Wika at pasismo: Paglalapat ng pamamaraan at paksa, pananaliksik sa araling wika at diktadura. M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Concepcion Lourdes Q. 2002. Ang dekonstruksiyon sa pagsasalin ng The Men Who Play God (Ang mga nagdidiyus-diyosan) ni Arturo B. Rotor. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Del Rosario, Corazon J. 2005. Paglilipat-wika sa Filipino at Ingles sa telebisyon: Kaso ng debate at isyu 101. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Guevarra, Michelle P. 2003. Filipino sa ilang piling tabloid: Tungo sa flexibol na istandardisasyon sa ispeling ng mga hiram na salita. M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Impil, Leonisa A. 2005. Kinabuhi: Kultura at wika sa salin ng mga kuwentong Binukidnon. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Iniego, Florentino. 2005. Pagbabalik sa pinaghasikang linang (Pagbuo ng isang modelong pagsasalin-kultural batay sa Sarsaritang Pangkanayunan ni Manuel E. Arguilla). M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Iringan, Edna L. 2006. Pamalittac : Pagsasalin ng mga “palavvun” at “unoni” ng Ibanag at Itawes bilang bahagi ng pambansang panitikan. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Lapiz, Eduardo M. 2006. Sotu tutul Tud Bulul (Isang Kwento ni TUd Bulul) : Pagsasafilipino ng isang Hlolok ng mga T’boli na inawit ni Ma’Dison. M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Liwanag, Lydia B. 1996. Tawid-bansang pag-aaral sa pagpaplanong pangwika sa edukasyon sa Pilipinas, Singapore, at Hongkong. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Macapanpan, Arlene F. 2004. Komunikasyon at katarungan: Gamit ng Filipino sa pagdinig at paglutas ng mga reklamong pambarangay. M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Manalili, Perlita G. 2004. Pagsasalin at komunikasyon: Pagsasaling-Filipino ng mga banyagang programa sa telebisyon sa kaso ng telenovelang “Cristina.” Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Manansala, Theresa D. 1999. Gramatikal na analisis ng pagsulat ng Filipino at limang katutubong wika ng mga estudyante ng Cordillera: Tubgo sa Mabilang Komunikasyon I-EAP. Ph.D. Disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Mendigo, Rosalina A. 2007. Mga zarzuelang Pangasinan nina Pedro U. Sison na "Korang na Panaon" at ni Nazario D. Soriano na "Baliti" at "Calvariod Paraiso" : Isang pagsasalin. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Paz, Vina P. 1998. Wika at kultura sa konteksto ng Sentrong Pangkutura ng Pilipinas: Panimulang pagsusuri. M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Peregrino, Jovy M. 1997. Wika at relihiyon: Panimulang pag-aaral sa wika ng Iglesia ni Cristo (INC). M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

———. 2007. Metapisikalisasyon ng wika: Pagdalumat sa pagpapakahulugan at pagsasaysay sa wika ng ugnayan ng tao at kaluluwa. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Ramos, Jesus Fer. 2001. Eklektikong lapit sa elaborasyon ng rejister ng matematiks: Tungo sa isang teorya sa pagpaplano sa Filipino. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Reblando, Mary Jane T. 2004. Filipino sa masaklaw na edukasyon tungo sa pagbuo ng diksiyonaryo sa komunikasyon. M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Rho, Young Chul. 2001. Isang pagsusuri sa mga salin sa Tagalog ng Mateo Kapitulo 8-9 ng Bagong Tipan. M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Rio, Ma Victoria C. 2001. Pagpapalanong pangwika sa Politektnikong Unibersidad ng Pilipinas: Tungo sa aktibong pagpaplanong pangwika. M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Semorlan, Teresita P. 2001. Chavacano barayti ng Filipino sa Zamboanga: Tungo sa pagbuo ng pambansang lingua franca. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Talegon, Vivencio M. 2003. Tungo sa pagbuo ng palisi at programa sa wika para sa University of Asia and the Pacific. M.A. tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

Tarun, Jane Z. 2007. Implementasyon gn CHED GEC sa programa ng Filipino sa ilang piling institusyong pangtersyari sa Rehiyon 2. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

Villegas, Enedina G. 1997. Ponolohikal at morpolohikal na panghihiram ng Filipino sa rehistro ng agham at matematika. Ph.D. disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas.

**Curriculum Vitae ng mga Guro sa DFPP**

Prop. Melania L. Abad
Prop. Aura Berta A. Abiera
Dr. Ruby G. Alcantara
Prop. Virgilio S. Almario
Prop. Michael C. Andrada
Dr. Lilia F. Antonio
Prop. Monico M. Atienza
Dr. Gonzalo A. Campoamor II
Dr. Pamela C. Constantino
Prop. Ma Althea T. Enriquez
Prop. Melecio Fabros III
Prop. Florentino Iniego
Prop. Wilfreda Legaspi
Dr. Nilo S. Ocampo
Prop. Will Ortiz
Prop. Vina P. Paz
Dr. Jesus Fer Ramos
Prop. Ligaya T. Rubin
Prop. Renato O. Villanueva
Dr. Galileo S. Zafra